INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# IYAK NG WIKA

**ni: JASMINE S. PACLIBAR**

Nagkukubli sa madilim na pahina ng kasaysayan, Pilipino'y lumaban sa mga banyagang sa ati'y nanahan.

Hanggang ang mga kaisipan sa bawat sulatin ni Gat. Jose P. Rizal, Namutawi sa labi ng sambayanan.

Naging pulso at tibok ng pusong makabayan.

Wikang katutubo'y ginamit sa pakikibaka,

Nagsilbing tulay ng pagkakaintindihan at pagkakaisa.

Nabuo ang isang layunin,

Matikman ang matamis na kasarinlang inaasam-asam. Iyak ng wika, "Nasaan na ang wikang aking kinagisnan?"

Sa paglipas ng panahon tila nauulit ang kasaysayan, Muling sinakop ang bansa ng banya-banyagang wika. Kapuwa Pilipino'y gumawa ng batas,

Palakasin ang wikang dayuhan at maging matatas. Iyak ng wika, "Nasaan na ang pusong makabayan?"

Sa paaralan ating natutuhan ang paggamit ng wikang kinagisnan.

Ang "po" at "opo" na tanda ng paggalang, paggamit ng "nang" at "ng" ating natuklasan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

***************************************************************************************************

Alindog ng tula, kuwentong-bayan, alamat at musika'y napakinggan. Dahil sa wikang

katutubo'y, kamalaya'y napalalim at nadagdagan.

Iyak ng wika, "Wikang katutubo, kayamanan na 'wag pabayaan."

Halina't magkapit-kamay! Sindihan at pagliyabin, Sulo ng wikang katutubo.

Pundasyon ng ating kultura't kaluluwa ng ating bansa. Wika- pamana ng nakaraan,

kayamanan ng kasalukuyan. Lubid na nagbibigkis sa sangkatauhan.

Iyak ng wika, "Mabuhay ka wikang katutubo! Kay gandang pakinggan sa puso't isipan."

***************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

***************************************************************************************************